



NANCY BARGMANN
DIREKTOR

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyon Pangkalusugan
at Pantao

**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
(Department of Developmental Services)**

1215 O Street, Sacramento, CA 95814

www.dds.ca.gov



GAVIN NEWSOM
GOVERNADOR

December 22, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: INI-UPDATE NA PAUNANG PERSON-CENTERED PLAN AT PATNUBAY SA MGA SUPORTA SA TRANSISYON SA PRE-ENROLLMENT

Ang layunin ng sulat na ito ay magbigay ng na-update na patnubay tungkol sa Paunang Person-Centered Plan at mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment na available sa mga potensyal na kalahok sa Self-Determination Program (SDP). Pinapalitan ng patnubay na ito ang Patnubay ng kagawaran na may petsang [Hulyo 28, 2022](#), [Disyembre 2, 2022](#) at [Hunyo 30, 2023](#). Ang patnubay na ito ay inisyu alinsunod sa seksyon 4685.8(p)(2) ng Welfare and Institutions Code na nag-aawtorisa sa Department of Developmental Services (Kagawaran) na mag-isyu ng mga direktiba sa programa o mga katulad na tagubilin hanggang sa mapagtibay ang mga regulasyon.

May mga sumusunod na pagbabago ang patnubay na ito:

- Ini-update ang pagiging karapat-dapat ng provider na mag-alok ng mga serbisyo sa ilalim ng Opsyon A at B.
- Ang Self-Directed (SD) Supports ay hindi na magsasama ng mga suportang ibinibigay ng mga provider ng Financial Management Services (FMS) (dating tinatawag na FMS SD Supports). Sa halip, babayaran ang mga provider ng FMS para sa mga suporta sa paglipat na ibinibigay nila gaya ng natukoy sa patnubay na may petsang [Disyembre 22, 2023](#).
- Ang mga General SD Supports ay maaaring awtorisahan na umabot nang hanggang 40 oras.
- Ang mga regional center ay dapat na nasa oras na magbayad ng mga invoice para sa isang Paunang Person-Centered Plan kasunod ng pagtanggap ng invoice.
- Ang mga regional center ay dapat magsumite ng buwanang mga ulat sa katayuan ng kapasidad sa pagsuporta sa transisyon sa pre-enrollment.
- Ini-update ang kahulugan ng serbisyon General SD Supports upang pahintulutan ang pagsingil para sa mga kontak sa panggarantiya, dokumentasyon, at aktibidad na nauugnay sa mga serbisyon inilarawan sa Kalakip A.
- Ang mga provider ng General SD Supports ay maniningil para sa mga serbisyo alinsunod sa sample na template ng invoice sa Kalakip B.

Mga Opsyon Para sa Pagtanggap ng Paunang Person-Centered Plan at mga Suporta sa Transisyon sa Pre-enrollment

Ang Paunang Person-Centered Plan at mga Suporta sa Transisyon sa Pre-enrollment ay available sa mga potensyal na kalahok ng SDP na nakatugon sa kinakailangang SDP orientation at nais mag-enroll sa SDP. Ang mga serbisyon ito ay available hanggang sa petsa na ang mga serbisyo sa indibidwal na plano ng paggastos ay inawtorisahang magsimula.

Maaaring ma-access ang Paunang Person-Centered Plan at Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-enrollment gaya ng sumusunod:

- **Opsyon A**
Availability na hanggang \$2,500 para sa Paunang Person-Centered Plan at mga suporta sa transisyon sa pamamagitan ng purchase reimbursement (service code 024) o sa pamamagitan ng isang vendored provider ng mga serbisyo sa person-centered plan.
- **Opsyon B**
Available mula Agosto 1, 2022, ang Opsyon B ay naghihiwalay ng Paunang Person-Centered Plan (Purchase Reimbursement, service code 024) at ang Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-enrollment (General Self-Directed Supports, service code 099). Inaasahan na makikipagtulungan ang bawat regional center sa kanilang mga lokal na partner sa komunidad para kilalanin ang mga vendor provider ng serbisyong ito at idadagdag ang mga provider na ito sa listahan ng mga vendor sa listahan ng mga vendor sa website ng regional center.

Ang sumusunod na patnubay tungkol sa Paunang Person-Centered Plan at Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment ay nalapat sa Opsyon B:

Paunang Person-Centered Plan

Ang isang potensyal na kalahok na lumilipat sa SDP, na nakakumpleto na ng SDP orientation, ay maaaring humiling ng pagbuo ng isang Paunang Person-Centered Plan. Ang isang Person-Centered Plan ay naglalarawan ng kung ano ang nais ng kalahok sa SDP na maging buhay nila sa hinaharap para mapagsikapan nila ang kanilang mga layunin. Nakabatay ito sa kanilang mga lakas, kakayahan, preperensya, pamumuhay at kultura. Maaari itong gamitin para bigyang-kaalaman ang pagsusulat ng Plano ng Indibidwal na Programa (Individual Program Plan, IPP). Maaaring bumili at magbayad ang mga regional center ng hanggang \$1,000 para sa Paunang Person-Centered Plan mula sa:

- Mga vendored provider ng mga serbisyo sa person-centered plan; o
- Mga non-vendored provider na nagpapakita na nakatanggap sila ng pagsasanay o sertipikasyon sa proseso ng person-centered plan/pangangasiwa. Ang pagbabayad sa mga non-vendored provider ay gagawing "Purchase Reimbursement" sa ilalim ng service code 024. Ang mga pagbabayad para sa serbisyong ito sa ilalim ng service code 024 ay hindi nangangailangan ng vendorization bilang isang provider ng mga serbisyo sa person-centered plan.

Maaaring taasan ng mga regional center ang bayad depende sa kaso para sa potensyal na mga kalahok sa SDP na may Paunang Person-Centered Plan na nangangailangan ng higit na oras dahil sa kakulangan ng mga natural na suporta upang tumulong sa proseso ng enrollment, kung ang ninanais na wika ay hindi Ingles, o kung may mas mataas na antas ng pangangailangan ng serbisyo bilang resulta ng kanilang kapansanan. Ang pagbabayad ay maaaring isagawa lang pagkatapos matanggap ng regional center ang invoice na nagpapakita na naibigay ang nakasulat na Paunang Person-Centered Plan gaya ng sinang-ayunan ng potensyal na kalahok sa SDP.

Mga Executive Director ng Regional Center
Disyembre 22, 2023
Ikatlong pahina

Ang proseso ng Paunang Person-Centered Planning ay maaaring ibigay nang personal o nang malayuan batay sa napili at pangangailangan ng kalahok at gaya ng sinang-ayunan ng kalahok, provider at IPP team.

Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment

Inaalok ang Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment sa iba't ibang paraan na hindi nangangailangan ng vendored service provider.

- Tumutulong ang mga service coordinator ng regional center sa mga indibidwal at pamilya sa transisyon.
- Ang mga regional center ay nakikipagtulungan sa kanilang Self-Determination Local Volunteer Advisory Committee para tukuyin o kontratahin ang mga suporta sa lokal na transisyon. Ang impormasyon sa pagpopondo ay matatagpuan sa webpage na [Mga Direktiba sa Programang SDP](#) ng Kagawaran.
- Tumutulong ang Participant Choice Specialists ng regional center sa mga indibidwal na naghahangad ng self-direction sa pamamagitan ng SDP.

Para sa mga potensyal na kalahok sa SDP na kailangan ng karagdagang suporta sa transisyon, ang isang vendored service ay available na tinatawag na "General Self-Directed (SD) Supports," service code 099, upang suportahan ang transisyon sa SDP. Inaawtorisahan na maibigay ang General SD Supports pagkatapos ng SDP orientation at bago ma-enroll sa SDP ang isang potensyal na kalahok sa SDP. Ang serbisyong ito ay para sa anumang tulong, coaching at/o suporta sa pagsasanay na kailangan ng isang potensyal na kalahok sa SDP at ng kanilang pamilya o kanilang kinatawan para matagumpay na mag-enroll sa SDP. Ang General SD Supports ay maaaring ipagkaloob nang personal o malayuan batay sa desisyon at pangangailangan ng kalahok at gaya ng sinang-ayunan ng kalahok, provider at IPP team. Sa pagbe-vendor ng mga bagong provider para sa serbisyong ito, dapat gamitin ng mga regional center ang service code 099. (Tingnan ang Kalakip A para sa detalyadong impormasyon tungkol sa General SD Supports.)

Maaaring awtorisahan ng mga regional center ang General SD Supports nang hanggang 40 oras. Ang vendor ng General SD Supports ay dapat magbigay sa IPP team ng potensyal na kalahok ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga iminungkahing serbisyo sa paglipat na nilalayon nilang ibigay at ang tinatayang bilang ng mga oras. Ang mga karagdagang oras ay maaaring hilingin ng IPP team at awtorisahan ng regional center depende sa kaso para sa mga potensyal na kalahok sa SDP na nangangailangan ng higit na masinsinang suporta upang matagumpay na lumipat sa SDP, tulad ng mga potensyal na kalahok at kanilang kapamilya na walang access sa mga natural na suporta para tumulong sa proseso ng pag-enroll, na ang ninanais na wika ay hindi Ingles, o may kailangang mas mataas na antas ng serbisyo bilang resulta ng kanilang kapansanan. Ang mga singil kada oras para sa [General SD Supports](#) ay itinatakda ng Kagawaran.

Mga Executive Director ng Regional Center
Disyembre 22, 2023
Ikaapat na pahina

Pagiging Kwalipikado ng Provider para sa Mga Opsyon sa Serbisyo A at B

Mga provider na nagsusumite ng kumpletong standardized vendorization packet gaya ng inilarawan sa sulat ng Kagawaran noong [Marso 20, 2023](#) sa kanilang vendoring regional center bago o pagsapit ng Pebrero 29, 2024:

- Makakatanggap ng nakasulat na kumpirmasyon ng pagtanggap ng standardized vendorization packet mula sa kanilang vendoring regional center.
- Maaaring isumite ang nakasulat na kumpirmasyon ng pagkakatanggap sa ibang mga regional center kung saan nagbibigay sila ng mga suporta sa pre-enrollment upang ipakita ang pagsusumite ng standardized vendorization packet.
- Maaaring magpatuloy sa kasalukuyang mga indibidwal na sinusuportahan at tumanggap ng mga bagong referral sa ilalim ng Opsyon A hanggang sa petsa na naaprubahan o tinanggihan ang kanilang aplikasyon bilang vendor.

Hindi kinakailangan ang hiwalay na vendorization sa bawat regional center catchment area para sa mga provider ng General SD Supports. Kung ang provider ng General SD Supports ay nais na maaprubahan bilang vendor upang magkaloob ng mga serbisyo sa isang bagong catchment area, aabisuhan nila ang bagong regional center.

Mga provider na hindi nagsusumite ng kumpletong standardized vendorization packet gaya ng inilarawan sa [Marso 20, 2023](#) na sulat sa kanilang vendoring regional center bago o pagsapit ng Pebrero 29, 2024:

- Magbibigay lamang ng mga suporta sa pre-enrollment sa mga indibidwal na kasalukuyang sinusuportahan ng provider na iyon.
- Makikipagtulungan sa mga indibidwal na nabanggit sa itaas at sa kanilang mga team sa pagpapalano upang tukuyin ang isang timeline para sa pagkumpleto ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Opsyon A.

Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, Titulo 17 na mga kinakailangan sa vendorization gaya ng inilarawan sa mga seksyon 54302 hanggang 54334 at vendorization appeal process sa mga seksyon 54380 hanggang 54390 ay naaangkop.

Pagbabayad para sa Paunang Person-Centered Plan at General SD Supports

Ang isang paunang person-centered plan na sinisingil sa pamamagitan ng Purchase Reimbursement (service code 024) ay babayaran nang napapanahon ng mga regional center kasunod ng pagkakatanggap ng isang invoice. Dapat minimum na kasama sa isang invoice ang mga sumusunod (tingnan ang Kalakip B para sa sample na template):

- Singil kada oras
- Petsa kung kailan ibinigay ang bawat serbisyo/gawain
- Paglalarawan ng serbisyo/trabahong ginawa
- Dami ng oras na ginugol sa bawat serbisyo/gawain na ibinigay para sa yugto ng panahon ng invoice at ang prorated na halaga ng serbisyong iyon

Mga Executive Director ng Regional Center
Disyembre 22, 2023
Ikalimang pahina

Ang mga Provider ng General SD Supports ay dapat makipagtulungan sa regional center ng potensyal na kalahok ng SDP para sa mga proseso ng pagsingil. Aatasan ng mga regional center ang mga provider ng General SD Supports na maningil alinsunod sa sample na template ng invoice na kasama sa Kalakip B.

Ang mga potensyal na kalahok sa SDP ay hindi kinakailangang magkaroon ng Paunang Person Centered-Plan o gumamit ng General SD Supports para mag-enroll sa SDP. Bagaman ang pag-bill ng mga serbisyong ito ay tutukuyin nang magkahiwalay, ang proseso ng pagsasagawa ng Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment ay dapat na maayos at madali para sa potensyal na kalahok sa SDP.

Pag-uulat ng Regional Center

Simula Marso 1, 2024, at hanggang Disyembre 31, 2024, ang mga regional center ay magsusumite ng buwanang ulat sa Kagawaran na kinabibilangan ng impormasyon sa ibaba:

- Bilang ng mga aktibong vendor ng General SD Supports;
- Bilang ng mga pinoprosesong aplikasyon ng vendor para sa General SD Supports;
- Paglalarawan ng mga aksyon upang bumuo ng kapasidad ng mga provider ng General SD Supports; at,
- Paglalarawan ng iba pang mga pagsusumikap na bumuo ng kapasidad para sa Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment na hindi nangangailangan ng isang vendored service provider.

Ipapadala ng Kagawaran sa mga regional center ang link sa online na platform ng pag-uulat sa pamamagitan ng email sa loob ng 14 na araw mula ng paglabas ng patnubay na ito.

Ang mga kalahok o kanilang mga pamilya na may mga tanong tungkol sa patnubay na ito ay dapat makipag-ugnay sa service coordinator ng kanilang regional center. Dapat makipag-ugnayan sa kanilang regional center ang mga aplikante ng General SD Supports na may katanungan. Dapat idirekta ng mga regional center ang kanilang mga tanong sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Dibisyon sa Pagbuo ng Patakaran at Programa
(Policy and Program Development Division)

cc: Tingnan sa susunod na pahina.

Mga Executive Director ng Regional Center
Disyembre 22, 2023
Ika-anim na pahina

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad